# Prologue

Naninikip ang dibdib ni Don Alberto habang minamasdan ang isang lumang larawan. Kahit nahihirapan sa paghinga, tahimik siyang nakaupo sa isang silya sa kanyang opisina. Hindi magkamayaw ang kulog at kidlat kasabay ang malakas na buhos ng ulan sa labas. Madilim ang buong silid na tila nakikiayon sa lungkot na nadarama niya sa pagkakataong iyon. Tanging ang liwanag lamang na nagmumula sa lampshade ang nagsisilbing tanglaw niya para masilayan ang hawak na larawan. Sa loob ng dalawampu't limang taon, minamasdan niya gabi-gabi ang larawang iyon…

Kupas na ang kulay ng larawan dahil dalawampu't limang taong gulang na iyon. Ngunit bakas pa rin ang masayang ekspresyon sa mukha ng mag-inang naroroon. Nakangiti ang mga ito na waring walang dinaramdam. Matagal nang itinatago ni Don Alberto ang larawang iyon. Marami nang panahon ang lumipas.

Si Celia,  ang babae sa larawan, ang kanyang unang pag-ibig. Ang una at huli sa kanyang puso. Ang

kanilang anak na si Enrique ang batang kasama nito sa larawan. Ipinadala sa kanya ni Celia ang litrato dalawampu't limang taon na ang nakakalipas. Hindi niya alam na nagkaroon sila ng anak ng babae.

Labis na nasaktan ang kanyang kasintahan nang malaman nitong magpakakasal siya sa ibang babae. Mahal na mahal niya si Celia pero naduwag siya. Iyon ang pinakamalaking pagkakamaling nagawa niya: hindi niya ipinaglaban ang pag-ibig nila ni Celia.

Sa loob ng dalawampu't limang taon, walang araw na hindi niya inisip ang dalaga kahit na kasal na siya sa ibang babae. Walang araw na hindi niya sinisi ang sarili.

Mula nang matanggap niya ang larawan ay lagi niyang pinagmamasdan iyon bago siya matulog. Matagal na panahon niyang pinahanap ang mga ito, pero sa kung anong dahilan ay hindi ito matagpuan.

Hinagod niya ang mukha ng babae sa larawan. Ang babaeng lubos niyang minamahal. Nabuntong-hininga si Don Alberto. Matindi ang sakit ng kanyang dibdib. Batid niyang hindi na siya magtatagal. Binuksan niya ang drawer ng kanyang mesa at kinuha ang isang sobre. Marahan niyang inilagay roon ang

larawan at sinelyuhan iyon. Hinaplus-haplos niya ang sobreng naglalaman ng larawan at saka dumaloy ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

"Patawarin mo ako, Celia, mahal ko…" ang tanging nasabi niya.

Hinalikan ng don ang sobre sa huling pagkakataon at inilapit iyon sa kanyang dibdib. Niyakap niya ang kanyang mag-ina sa kanyang isip at saka pumikit.

# 1

Alas siete ng umaga nang mag-ring ang telepono sa tabi ng queen-sized bed ni Alyana. Napaungol siya dahil ayaw pa sana niyang gumising. Napuyat siya nang nakaraang gabi dahil nilamay niya ang ipinagawang huling testamento ni Don Alberto. Nagtakip siya ng unan ngunit mapilit ang kung sinong tumatawag. Naiiritang inihagis niya ang unan at inangat ang telepono.

"Hello," naiinis na sabi niya.

"Alyana."

Napabangon siya sa pamilyar na boses na narinig. Nawala ang iritasyon at matinding antok niya.

"Doña Minerva?"

"Ako nga, Alyana," tugon ng maawtoridad na babae sa kabilang linya.

Kinabahan siya. Hindi kailanman tatawag ang asawa ni Don Alberto sa kanya kung walang mahalagang bagay na sasabihin. Aristokrata ito. Laging laman ng mga lifestyle magazines. Hindi

ito nakakatulong sa mga negosyong itinayo ni Don Alberto, bagkus ay walang pakundangan ito kung gumastos ng pera. Matapobre ito at hindi nakikipagkaibigan sa sinumang hindi nito mapakikinabangan. Kahit si Alyana mismo ay ayaw makipag-usap dito dahil sa di-kagandahang ugali nito. Nakikipag-usap lamang siya rito kapag kailangang-kailangan.

"Bakit po kayo napatawag?" tanong niya na may kaba sa dibdib.

"Si Alberto," matigas at tila walang pakiramdam na simula nito, "patay na si Alberto."

Natigilan si Alyana. Kanina lamang madaling araw ay pinipilit niyang tapusin ang bagong testamentong ipinagawa nito sa kanya para mapirmahan na nito. Pero wala na si Don Alberto. Wala na si Don Alberto, paulit-ulit na sabi ng isip ni Alyana.

"Ano po ang—" Itatanong pa sana niya kung paano namatay si Don Alberto, ngunit naibaba na ng señora ang telepono.

Ilang sandali ang lumipas bago ibinaba ng dalaga ang telephone receiver. Matagal din niyang naging kliyente si Don Alberto. Ito ang nagmamay-ari ng

kalahati ng mga computer chip factories sa bansa. Mabait ito at itinuring niyang parang pangalawang ama. Nagkakilala sila nito nang mag-apply siya bilang corporate lawyer sa isa sa mga kompanya nito. Naisalba niya sa isang malaking law suit ang kompanya kaya inani niya ang tiwala nito. Ngayon nga ay siya na ang chief legal affairs officer ng lahat ng kompanya ni Don Alberto.

*"Alyana, hija," ani Don Alberto sa kanya nang mag-meeting silang dalawa nang nakaraang gabi sa isang Japanese restaurant sa Makati para pag-usapan ang testamento.*

*"Bakit hindi ka na lang lumipat sa bahay ko? Doon ka na tumira. Ituturing kitang para kong sariling anak. Kahit naman abogada ka, babae ka pa rin at delikadong namumuhay na mag-isa."*

*"Alam n'yo pong mahirap ang gusto ninyong mangyari, Don Alberto. Unang-una, hindi po magugustuhan ni Doña Minerva na may ibang babae kayong patitirahin sa loob ng inyong pamamahay. Iba po ang kanyang iisipin. Pangalawa, masaya naman po ako sa katayuan ko ngayon. I love my privacy and I am very sure that I can take care of myself pretty well. Nag-aral naman po ako ng self-defense. I even have a permit to carry a gun."*

*"'Yan ang hinahangaan ko sa iyo, hija. Ang lakas ng loob mo. At kahit hindi ako ang tunay mong ama ay masasabi kong I'm very proud of you. I'd like to think you're the daughter that I never had."*

Ngumiti lamang si Alyana sa tinuran ng matanda. Alam niyang nagdaramdam lamang si Don Alberto sa anak nitong dalaga dahil wala itong nararamdamang pagmamahal galing sa babae. Kahit ang mga anak nitong lalaki ay ni walang panahong kausapin man lang ang ama. Makikipag-usap lamang ang mga ito kung may hihilingin. Si Doña Minerva ay hindi niya kinakitaan ng anumang senyales ng pagmamahal para sa matanda. Naawa siya sa kanyang kliyente. Habang tinititigan niya ito ay hindi niya maiwasang makita ang malamlam na mga mata nito na bakas ang kalungkutan.

Lingid sa kanya, ang gabing iyon na ang huli nilang pag-uusap. Muling nakadama ng lungkot si Alyana. Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. She had learned to care for the old man. She cared for him like a daughter to a father–a father she never had.

Namatay ang kanyang ama noong ipinagbubuntis pa lamang siya ng kanyang mama. He was killed in an ambush. Isang mabuting mayor sa kanilang

bayan at isa ring mabait na asawa, ayon sa kanyang mama. But unfortunately, hindi niya ito nakagisnan. Hindi na bago sa pulitika ang magkaroon ng kaaway o mga naiinggit, kahit pa sabihing napakabuting mayor ng kanyang ama. Pinaunlad nito ang kanilang munisipyo sa lalawigan ng Aurora. Pero kahit mabubuting tao ay talagang nagiging biktima ng kasamaan. Kaya siya nag-abogado ay para matukoy kung sino ang mga pumatay sa kanyang papa. Hindi siya nabigo. Three years ago ay nahuli kung sino ang mga salarin. The killers were now in the national penitentiary serving a life sentence. Sayang at hindi inabutan ng kanyang mama ang pagkamit nila ng hustisiya para sa ama. Her mother died of cancer of the uterus. Siguro ay dinala nito sa puso ang labis na kalungkutan sa pagkamatay ng kanyang ama kaya na-develop dito ang sakit na iyon. It happened during those times when she was just about to take the Bar exams. It was so hard for her. Pero dahil matalino, she still passed the Bar exams inspite of her grief.

She lived alone from then on. She had grown into a lovely young woman. Long black hair, thin red lips, rosy cheeks and seductive eyes. Maraming nagkakagusto sa kanya pero walang may lakas ng loob na manligaw. Probably, she was too high to

reach. Isa siyang maganda at magaling na abogada. After her mother died, she became independent and strived hard para makarating sa kinaroroonan niya ngayon. At twenty-nine, she did not feel as though she had to hurry up to find a man. She was contented with what she was, what she was doing, and how she was living her life. Para sa kanya, iyon ang importante. Hindi pa niya kahit kailan naranasang umibig. She was too pre-occupied with work at wala siyang panahon para sa love life. Hindi pa yata ipinapanganak ang lalaking iibigin niya. But she was not worried. O siguro, itong career na niya ang kanyang pag-ibig. Nothing had ever got between her and her career.

"Hay naku, tatanda kang dalaga niyan," sabi sa kanya ng kanyang best friend na si Melissa. Abogada rin ito at tulad niya ay sa isang corporate firm din nagtratrabaho. But she did not mind. Anyway, sa panahon ngayon, baka mahirap nang makakita ng mabait at mabuting ama at asawa.

Sa mga nagdaang panahon ay sa kompanya ni Don Alberto niya ibinuhos ang lahat ng kanyang panahon. Lately nga ay lagi siyang kasama ng lalaki dahil sa pag-aayos nila ng testamento nito. But now, Don Alberto was dead. Nawalan uli siya ng isang masasabing mahal sa buhay. It was painful but

she knew she should be tough enough to face the sadness.

Tinungo niya ang banyo para maligo. She stayed under the shower for a long time and tried to wash away the sorrow that she was feeling. She felt tears roll from her eyes, kasabay ng pagdaloy ng tubig.

# 2

Marami nang kotseng nakaparada sa harapan ng mansion ng mga dela Serna nang dumating si Alyana. She was wearing a simple black dress and her face was devoid of any makeup. But even then, she still looked radiant. She got out of her car and walked slowly towards Don Alberto's mansion.

Mistulang simbahan sa laki ang bahay nito na matatagpuan sa Ayala Heights, Quezon City. Grandioso ito at hindi maikakailang ang don ay isa sa pinakamayayaman sa bansa.

Sinalubong si Alyana ng dalawang guwardya. Naka-barong ang mga ito na mistulang presidential security. Tinanguan niya ang mga ito at hinayaan siyang makaraan sa higanteng gate.

Wall-to-wall ang carpet sa loob ng malaking bahay, centralized ang aircon at puro antigo ang mga kasangkapan. Pero hindi na iyon napansin ni Alyana. Sanay na siyang maglabas-masok sa mansion.

Sa garden, pinagsisilbihan ng alak, juice at kape ng mga katulong ang mga kaibigan, kasosyo sa negosyo at mga kamag-anak na kabilang sa alta

de sociedad na nagtungo sa burol ni Don Alberto. Karamihan ay kakilala ni Alyana dahil lagi siyang naiimbitahan sa anumang pagtitipong nangyayari roon. Tinatanguan lamang niya ang kung sinumang makapansin sa kanya.

Pagpasok niya ng pinto ay nalanghap agad niya ang sari-saring amoy ng mga mamahaling bulaklak. Ang burol ni Don Alberto ay napapalibutan ng maraming koronang alay ng iba't ibang kompanya at kaibigang mayayaman. Narinig din niya ang ilang bulong-bulungan ng mga papuri sa namayapang don noong ito ay nabubuhay pa. She wished Don Alberto was able to hear all those praises about him.

Namataan niya ang tatlong anak ng matanda. Si Courtney, ang panganay ay abalang nakikipag-usap sa kasintahan nito na tila may pinagtatalunan. Katulad ng ina, maluho rin ito sa katawan. Kahit sa burol ng ama ay sangkaterbang alahas at palamuti ang nakasabit sa katawan nito.

Si Fredo, ang pangalawa, ay tahimik na naninigarilyo sa isang sulok at nag-iisip. Ito sana ang papalit sa ama bilang presidente ng kompanya. Pero mahilig ito sa pulitika. Lagi itong kumakandidato sa nakalipas na taon ngunit lagi ring natatalo. Marahil dahil alam ng taumbayan ang selfish reasons nito sa

pagpasok sa pulitika.

Don Alberto never believed in him. Isa pa, he was known to be greedy at matapobre ring katulad ng ina. Sangkaterbang alalay rin ang nakapaligid sa lalaki. Maraming kababaihan ang nagreklamo na inabuso nito, pero pirming nahahantong sa areglo dahil na rin sa salapi ng pamilya nito. Pero ni isang kaso nito ay walang hinawakan si Alyana. Ayaw niyang idepensa ang isang taong nang-aabuso sa mga kababaihan. Isa sa mga abogadong kaibigan ni Don Alberto ang umayos sa mga gusot nito.

Si Gerwyn naman na siyang bunsong anak ni Don Alberto ay bakas sa anyo ang pagkagumon sa pinagbabawal na gamot. Humpak ang mga pisngi at malalalim ang mga mata. Ito ang madalas niyang piyansahan sa bilangguan dahil sa paggamit ng bawal na gamot.

Naalala niya tuloy ang huling testamentong ipinagawa sa kanya ng don. Ilang ulit nilang pinag-usapan ang testamento nito. Ilang ulit pinirmahan at ilang ulit ding itinapon sa basurahan para gumawa muli ng bago. Ang kahuli-hulihan ngang tinapos niya kagabi ay hindi nito nagawang makita man lang. Somehow, she was relieved na hindi ito napirmahan ni Don Alberto habang minamasdan ang tatlong

magkakapatid. According to that will and testament, malaking bahagi ng kayamanan ng matanda ang mapapapunta sa mag-iinang ito. She didn't think they deserve all the fruits that her client had worked hard for. Alam niyang lulustayin lamang iyon ng mga ito at mapupunta sa wala ang mga pinaghirapan ng matanda. Pero paano nga ba ang mga ari-arian ng don ngayong wala na ito? Lahat ng naisulat nang testamento ay sinunog na nito. Saka na niya siguro iisipin, pagkatapos ng libing.

Sa isang sulok ay namataan niya si Doña Minerva. As usual, she was ever composed and ever regal-looking. She was wearing a black dress and a black hat with full makeup. Tinatanguan lamang nito ang mga lumalapit at nakikiramay. Kung nalulungkot man ito ay hindi iyon mababakas sa mukha nito.

Nag-alay ng dasal si Alyana sa harap ng kabaong ni Don Alberto. He looked peaceful yet she knew, something bothered the rich man before he died. It was showed on the lines between his brows. Huminga siya nang malalim upang hindi matuloy ang luhang gustong umalpas sa kanyang mga mata. She knew the man was never happy. Ngayon, sa kabilang buhay ay baka makatagpo ito ng katahimikan. Sa gayong isipin, somehow, natuwa na rin siya para sa don.

"My condolences, Doña Minerva," ani Alyana sa señora nang lapitan niya ito. Ayaw na sana niya itong lapitan ngunit dala ng kagandahang asal ay ipinaalam pa rin niya rito ang kanyang pakikiramay.

"Salamat."

Lumayo na siya sa señora at hinanap si Nanay Rosing. Ito ang mabait na mayordoma na matagal nang naglilingkod kay Don Alberto. Matanda na ito; halos kasing-tanda ng amo nito. Ito rin ang nagmistulang sekretarya ng matanda sa opisina nito sa mansion.

"Ma'am Alyana..." narinig niyang tawag sa kanya ng isang pamilyar na boses nang mapadaan siya sa dining area. Nilapitan niya ang mayordoma. Nakita niya ang lungkot sa namumugtong mga mata nito. Bahagya pang tumataas ang balikat nito dahil sa pagpigil sa paghikbi.

"Nanay Rosing," ani Alyana habang hinihimas ang likod ng matanda bilang pag-alo rito. Hindi man niya gustong magtanong ay kailangan niya pa ring malaman. "Paano namatay si Don Alberto? Ano ang nangyari?"

Humihikbing sumagot ang matanda. "Natagpuan ko po siya sa kanyang opisina na wala nang

buhay. Alam ko pong matagal na siyang mayroong dinaramdam pero hindi siya nagsasabi. Ang sabi po sa autopsy ay atake raw sa puso ang ikinamatay ng Señor." Pagkasabi nito ay bigla itong napahagulhol. Isinubsob nito ang mukha sa mga palad.

"Siguro po'y talagang hanggang doon na lamang siya, Nanay Rosing," alo ni Alyana.

Pinunasan ng matanda ng kamay ang luha nito at saka tumayo. "Halika po. Sumunod kayo sa akin."

Nagtataka man ay sumunod si Alyana. Sa library, na alam niyang siya ring opisina ni Don Alberto, sila nagtungo. It was a big room kaya lamang amoy-kulob ang paligid. Ni wala yatang hanging nakakapasok doon. Niligid ni Alyana ang kanyang mga mata sa kabuuan ng opisina. All she could see were antiques—antique bookshelves, tables and chairs. Bagaman naalisan ng alikabok, naramdaman ni Alyana na hindi nagagamit ang silid na iyon nang ganoon kadalas.

Marahang binuksan ni Nanay Rosing ang isang drawer at kinuha mula roon ang isang sobre, saka inabot kay Alyana.

"Ito po ang sulat na natagpuan ko na hawak ni Señor nang matagpuan ko siya. Sa iyo po

nakapangalan ang sulat. Itinago ko na lamang po kay Señora dahil…"

"Dahil ano, Nanay Rosing?"

"Baka po hindi ninyo mabasa ang sulat na iyan kung nakita ng Señora. Sige po, maiwan ko na po kayo," umiiyak na paalam nito.

"Nanay…"

Hindi na lumingon ang matanda; dali-dali itong lumabas ng pinto. Nagtataka man ay binuksan ni Alyana ang sobre. The thought that Don Alberto was holding it before he died somehow made her feel that he was near. Somehow, she hoped that he was.

Natagpuan niya sa loob ng envelope ang isang larawan, isang sulat at apat na tseke na pirmado ni Don Alberto. Curiously, tiningnan niya ang larawan. Napakaluma na niyon at halos hindi na niya maaninag ang mukha ng mag-inang naroon. The child resembled Don Alberto. He had a handsome face, a bit like an angel. Suddenly, bumigat ang dibdib ni Alyana habang pinagmamasdan ang picture. She sighed and shook her head. Naalala niya ang laging sinasabi sa kanya noon ni Don Alberto. Sinabi ng matanda na kung maibabalik lang daw nito ang nakaraan ay hindi sana naging malungkot ang buhay

nito. Hanggang ngayon ay hindi niya matukoy kung ano ang sinasabi nito.

Slowly, she opened the letter. Naririnig niya ang malakas na pintig ng puso niya. Somehow ay mayroon na siyang suspisyon kung ano ang nilalaman ng sulat. Maaaring isa iyong rebelasyon sa pagkatao ni Don Alberto. Baka iyon ang sinasabi nitong malaking pagkakamaling nagawa umano nito noon. Naupo si Alyana sa kabisera ng mahabang study table at saka binasa ang sulat.

*Alyana,*

*If you are reading this letter, then it means that I am now dead. Nararamdaman kong malapit na akong mawala sa mundong ito, so I wrote this. I didn't bother with hospitals, dahil dito rin naman ako pupunta.*

*I hope natagpuan mo ang larawan ng aking mag-ina. Marahil ay nagtataka ka. Yes, mag-ina ko ang nasa larawan— si Celia at ang anak naming si Enrique.*

*My life had been meaningless and miserable mula nang magpakasal ako kay Minerva. There were times that I*

*almost committed suicide dahil sa sobrang pangungulila sa tunay na pagmamahal. Ang tanging nagpapatatag sa akin ay ang alaala ng aking mag-ina.*

*I know that Minerva only cared for my money. That was why she married me in the first place. Mali ang mama ko nang ipakasal ako sa kanya. Ayaw ng Mama kay Celia dahil mahirap lang ang kanilang pamilya, kaya ipinakasal niya ako kay Minerva. Little did my mother know that Minerva's family was deep in debt. She was the daughter of a former governor. Nagkaroon ito ng maraming utang dahil sa eleksyon. Pero hindi ko iyon alam hanggang sa naikasal na ako sa kanya. Natakot akong mawalan ng mana at maghirap kaya sinunod ko ang Mama. It was the worst decision I've ever made. I wanted to escape. Pero huli na. Nalaman na ni Celia ang aking pagpapakasal at kusa na siyang lumayo naNG hindi man lamang ako kinausap. Hinanap ko siya pero hindi ko siya natagpuan.*

*Dala ng kahinaan ko at ng pagmamahal na rin sa aking mama kaya nagpakasal ako kay Minerva. But will you believe me if I tell*

*you that not once, in all the years that we were married, did we ever make love? Hindi ka siguro maniniwala. And that's also because Celia was the only woman in my heart. At oo, hindi ko anak ang tatlong anak ni Minerva. Just the thought of her being near makes me feel sick. She had men behind my back. I knew about her love affairs but I didn't care. I never loved her. And she had never loved me. She only wanted my money. And I gave it to her. We were living under one roof like strangers. I was dead anyway the moment I married her. I went through the motions of everyday life. Sinubsob ko na lamang sa pagpapatakbo ng mga negosyo ang aking sarili. My mother never knew what I have been through, until her death ay nanatiling lihim ang aking mga paghihirap. Nabuhay ako sa matinding lungkot.*

*Pero nagkaroon ako muli ng pag-asa nang matanggap ko ang larawan ng aking mag-ina. Celia was pregnant with our child when she left. Limang taon ang kanyang hinintay bago niya ipinaalam sa akin ang tungkol doon. I tried to find them, I even hired the best detectives. One of them told me Enrique*

*is now a doctor practicing in Sierra Madre. But that's all I know. My PI said that Enrique goes from one place to another. That's why it's hard to trace him. At least, that's what my detective told me. It pains me but I had no strength to do the searching on my own. I had hoped that I would see them one day. Deep in my heart, Celia will be the only woman I'll ever love. I have missed her so much. Perhaps I will just wait for her in the next life.*

*Kalakip ng sulat na ito ang maikling testamentong ginawa ko. I'm terribly sorry kung naging paulit-ulit ang mga ginawa mo para sa akin. I just can't seem to arrive at the right decision kung paano ko iiwan ang aking mga ari-arian. But this one felt right. I'm very grateful to you, my child. Ikaw lang ang itinuring kong tunay na anak bukod kay Enrique. Sa iyo ko lamang naramdaman ang pagpapahalaga ng isang anak sa kanyang ama. Even if we were not related, I'm just so happy na kahit paano nagkakilala tayo. I will meet your parents somehow in the other life and I will tell them how wonderful a person you've become. Thank you so much, hija.*

*Kalakip dito ang mga huling tsekeng*

*iniiwan ko kay Minerva at sa kanyang mga anak para sa kanilang muling pagsisimula.*

*Sa aking testamento, malalaman mong kina Enrique at Celia ko iniiwan ang halos lahat ng aking ari-arian. Should they not accept those, dahil sa galit nila sa akin ay sa iyo ko na ipinauubaya ang lahat. Mauunawaan ko kung sa kabila ng nakalipas na tatlumpung taon ay hindi pa rin ako napapatawad ni Celia. Please find them for me, Alyana. Ihingi mo ako ng tawad sa kanila. Maraming salamat, Anak. Maraming salamat.*

*~ Don Alberto dela Serna*

Hindi naiwasan ni Alyana ang pagpatak ng luha mula sa kanyang mga mata pagkatapos mabasa ang sulat. Labis ang pagkaawa niya sa matanda. Hindi niya akalaing ganoon kabigat ang dinadala nito. Kaya pala ganoon na lamang ang saya nito sa tuwing magkasama sila. Mistulang ibon ito na nakawala sa hawla. The man lived in such great misery.

Ibinaling ni Alyana ang atensyon sa hawak na testamento at binasa niya iyon. Tulad ng sinabi ng don sa sulat, kina Celia Reyes at Enrique Reyes

nito iniiwan ang mga negosyo, lupain at mga ari-arian. Ang tanging iniiwan niya kay Doña Minerva at sa mga anak nito ay pitong milyong piso upang makapagsimula ang mga itong muli.

Nakasaad sa testamento na habang hindi pa nakikita ang mag-inang Celia at Enrique, siya muna ang mamamahala sa lahat ng negosyo ng don. Nasa testamento rin na hindi niya kakayanin ang lahat ng desisyon nang nag-iisa. The Board of Trustees would help her all the way. Ito ay binubuo ng mga pinagkakatiwalaang kaibigan ni Don Alberto. Sakaling hindi tanggapin ng mag-ina ang naiwan ng matanda, sa kanya maiiwan ang lahat. That overwhelmed her. Napakalaking kayamanan ang iiwanan sa kanya ni Don Alberto kung sakali. However, she would not be happy if she would have such wealth. Hindi siya ang nagmamay-ari niyon kundi ang mag-ina. Ipapamigay na lamang niya iyon sa maraming charitable institutions para mapakinabangan kaysa angkinin niya.

Napasandal si Alyana sa backrest ng silya at napabuntong-hininga. Sadyang napakabigat ng iniwang responsibilidad sa kanya ni Don Alberto. Ngunit wala siyang magagawa. Legal ang testamento; written and signed by his own hand.

# 3

Hindi mapakali ang mag-iinang Doña Minerva, Courtney, Fredo at Gerwyn sa kanilang mga upuan habang naghihintay sa library ng mansion. Dalawang linggo nang naililibing si Don Alberto at ngayon ang araw na itinakda ni Alyana para sa paglalahad ng huling testamento ng matandang lalaki. Excited ang lahat sa kung gaano kalaking kayamanan ang iiwan sa kanila ng matanda. Alam nilang napakayaman nito. Kaya hindi magmaliw ang kaba sa kanilang dibdib habang hinihintay ang abogada.

Hindi malaman ni Courtney kung ano ang unang gagawin sakaling matanggap na ang kanyang mana. She thought of going to Europe, Australia, New Zealand–o di kaya ay bumili ng mga bagong kotse at mamahaling alahas. The possibilities were endless. *Quite overwhelming*, aniya sa sarili.

Fredo had a different thought. He was thinking of joining politics again. All that money would make him win. Nasabihan na niya ang mga kaibigan na kakandidato siyang muli. And he was sure he would win this time.

Tahimik lamang si Gerwyn. His eyes were blank.

But his hands and body were trembling. Nagsindi lamang siya ng sigarilyo and puffed it nervously. He would need all the money he could get to satisfy his addiction.

At si Doña Minerva–sa wakas ay matatapos na ang kanyang pagtitiis. All that she planned years ago ay magkakaroon na ng katuparan. Mapapasakanya na ang kayamanan ng mga dela Serna and take over its empire. Hindi na siya aasa pa sa ibinigay lamang sa kanya ni Alberto. Oo nga at sunod sila sa luho, but it was not enough.

Pagkalipas ng ilang sandali ay bumukas ang pinto ng silid. Sa wakas ay dumating na ang hinihintay na abogada. Natahimik ang lahat. Naupo ito sa kabisera ng mesa.

Tiningnan ni Alyana isa-isa ang mag-iina. Kitang-kita niya ang mataas na expectation sa mukha ng mga ito. Napailing siya. She had to make it quick to get it over with. Alam niyang magkakaroon pa ng matinding reaksyon mula sa mga ito kapag nalaman ng mga itong hindi sila ang ginawang tagapagmana ni Don Alberto.

"Hawak ko ngayon ang huling testamento ni Don Alberto E. dela Serna at aking babasahin sa kabuuan."

Damang-dama ni Alyana ang kaba at tension sa kuwartong iyon. Bumuntong-hininga muna siya bago nagpatuloy, "Last will and testament of Alberto E. dela Serna. I, Alberto E. dela Serna, of sound mind and memory, hereby revoke all testaments before me and executed by me, dispose of my estates as follows:

"To the children of my wife, Courtney dela Serna, Alfredo dela Serna and Gerwyn dela Serna, I give each two million pesos even if they are not my own children. If any of these children attempt to contest this will, then this gift shall be nullified as to that child.

"To my wife Minerva dela Serna, I give one million for her to start her life anew. She has been well provided for in the last thirty years and that has been enough.

"The rest of my estates I give to my only son, Enrique Reyes, born October 25, 1969 to a woman named Celia Reyes.

"I appoint my trusted lawyer, Alyana Mendrez as executor of this will and grant unto her broad discretionary powers in its administration. In the event that my son Enrique and his mother will not accept the properties and all that I am leaving

behind, I will then leave everything to my lawyer, Ms. Alyana Mendrez. This document is intended to be a holographic will. Every word has been written by my hand, and I hereby sign it.

"Signed, December 3, 2006, twelve thirty-five a.m., by Alberto E. dela Serna."

Natigilan ang lahat sa narinig. It was not what they had expected.

"This is unacceptable!" nakatayong sabi ng ginang.

Inaasahan na ito ni Alyana. "I'm sorry, Doña Minerva. Ito ang huling testamento ng yumao ninyong asawa and I think we should just respect it."

"Hindi ko matatanggap 'yan! Ikaw ang kukuha ng lahat ng ari-arian ng asawa ko? I knew you had an affair. You, good-for-nothing whore!"

"I am not a whore, Doña Minerva. Dahan-dahan kayo ng pagsasalita. At wala akong balak angkinin ang hindi akin. Hahanapin ko si Enrique at ang kanyang ina at sa kanila ko ibibigay ang naiwan ni Don Alberto, just like his request in his will and testament."

"I will never accept this. Never!" tungayaw pa rin ng babae.

"Kung ayaw ninyong maniwala ay narito ang katibayan," inabot ni Alyana sa matandang babae ang sulat para sa kanya ni Don Alberto.

Doña Minerva abruptly took it and read it. She was astounded. Hindi nito naitago ang pagkapahiya.

Mabilis na kinuha ni Courtney ang sulat. Pagkabasa ay luhaang tinitigan nito ang ina. "Totoo ba ito, Mama? Totoo ba?" tanong nito.

"It's true! I never loved that… that dirty old man! I abhor him! I only married him because he's rich."

"My God!" Luhaang lumabas ng silid si Courtney, not because she learned she was not a child of Don Alberto kundi dahil sa kahihiyan na kakaharapin nito sa mga kaibigan at kakilala.

Nabasa rin ni Fredo ang sulat. It was all so sudden. Hindi sila anak ng mayamang don. Tumulo ang pawis sa noo ni Fredo. Hindi niya iyon inaasahan. Hindi siya puwedeng kumandidato with just two million. It was absurd. Pero hindi sila anak ni Don Alberto dela Serna. Wala silang laban and he was helpless. Tinitigan niya nang matalim ang kanyang

ina. Hindi ito makatingin sa kanya. Furiously, he dashed and left the room.

Si Gerwyn ay iba ang naging reaction. “This is okay,” sabi niya habang nanginginig at humihithit ng marijuana. Ngumisi ito na parang nawawala sa sarili. “This is okay. I’ll be okay… I’ll be okay.” Saka luhaang tumakbo palabas ng silid.

Naiwan sina Alyana at Doña Minerva. Nang makitang wala na ang mga anak ay napaupo ito saka humagulhol. Namayani ang iyak ng donya sa loob ng silid.

Nilapitan niya ang matanda upang aluin. Pero nilayuan siya nito na tila hindi nito matiis ang paglapit niya.

“Don’t touch me! Kerida ka ng asawa ko!”

“Of course not, Doña Minerva!”

“Then why is he leaving you all his wealth? Ano ang ginawa mo sa asawa ko at sa iyo niya iiwan ang lahat?” galit nitong tanong.

“Sinabi ko na sa inyo, kailangan ko munang matagpuan ang mag-ina, Doña Minerva, bago mangyari ang sinasabi ninyo. Parang ama ang turing ko sa asawa ninyo.”

Matalim pa rin ang tingin nito sa kanya. "I will get to the bottom of this, Ms. Mendrez. Of all people, ikaw pa ang pinagkatiwalaan niya? There must be something going on between the two of you."

Hindi malaman ni Alyana kung maaawa o maiinis siya sa balo. "I would not guarantee that you'll prove anything dahil wala kaming relasyon ni Don Alberto bukod sa naging magkaibigan kami at itinuring ko siyang tunay na ama. And don't you think you should be grateful na kahit kailan ay hindi nagsampa ng kaso laban sa inyo si Don Alberto sa kabila ng malaking katotohanan na ngayon lamang nalaman ng inyong mga anak?"

Hindi nakasagot agad si Doña Minerva. Nang magawa nitong magsalita, bakas ang galit nito sa mga mata. "I won't give up that easily, Alyana. Hindi ko basta isusuko ang maraming taong tiniis ko sa piling ni Alberto para lang ganituhin niya," matapang na sagot nito.

Umiling si Alyana. "The checks are ready, Doña Minerva. You can get them from me anytime tomorrow."

"Hindi kami aalis sa mansion hangga't walang dumarating na Celia at Enrique, Alyana," huling sabi ng donya bago ito umalis.

# 4

Sa isang bar-restaurant sa Cubao nagtungo si Alyana. She needed a drink after what happened. She called up Melissa para may makausap siyang labas sa mga pangyayari tungkol sa yumaong don. Dumating ito matapos niyang inumin ang first shot niya ng vodka.

"How are you doing, friend?" tanong nito matapos mailapag ang suitcase nito at clutch bag.

"I'm exhausted. Doña Minerva gave me a hard time."

"What do you expect from a crazy woman like her?"

"I know. She even accused me of having an affair with Don Alberto. Hindi raw siya susuko hangga't hindi niya napapatunayang meron kaming relasyon ng asawa niya."

"That woman. Parang tatay mo na si Don Alberto, ah," naiinis na asik ni Melissa.

Napabuntong-hininga si Alyana. "Yeah. Poor man. Hanggang sa kamatayan ay ayaw siyang tigilan ni Doña Minerva."

"What will you do now?" seryosong tanong ng kaibigan.

"Hahanapin ko ang mag-ina ni Don Alberto."

Nagulat si Melissa sa narinig. "Mag-ina ni Don Alberto?"

"Yes," tugon niya saka inilahad dito ang lihim ng sumakabilang-buhay na kliyente.

"Oh, such a romantic but tragic love story," komento ng kaibigan matapos marinig ang kuwento niya.

Malalim siyang bumuntong-hininga. "Yes, I guess it is."

Inabot ni Melissa ang kamay niya at mariing pinisil. "Well, whatever you plan to do, susuportahan kita. And if ever Doña Minerva causes you trouble, I will be there for you."

Sa wakas ay ngumiti si Alyana. "Thanks, friend. I needed that."

---

Hanggang sa makauwi sa kanyang condo sa Makati ay nag-iisip pa rin si Alyana. Pagod na inihiga niya ang sarili sa sofa. God, she was very much

exhausted. She looked around and saw the fruits of her hard work. Kung tutuusin ay puwedeng hindi na niya hanapin ang mag-ina. All of Don Alberto's wealth could be hers for the taking—malinis at legal. All she had to do was report to the board that she did not find the boy and his mother.

Subalit hindi siya ganoon kasama. She was not brought up to be greedy. Hindi ganoon ang pagkatao niya. What she had now was enough. Masaya siya sa kung ano ang mayroon siya because she worked hard for it.

Kung bakit naman kasi iniwan pa sa kanya ni Don Alberto ang pangangasiwa sa naiwanan nitong kayamanan? Nagkaroon pa tuloy siya ng dagdag na problema.

Humugot si Alyana ng malalim na hininga. Administering the testament was one thing; looking for Celia and Enrique Reyes was another. Tiyak na mahihirapan siya. Napakaluma na ang larawan. Malaki na tiyak ang ipinagbago nina Celia at Enrique. Napakalaki rin ng Sierra Madre Mountain Ranges para hanapin ang kaisa-isang anak ni Don Alberto!

Kailangan siya mismo ang maghanap sa mga ito upang maipaliwanag sa mag-ina ang nilalaman ng testamento. Hindi maaaring kung sino lamang

ang ipadala niya upang maghanap dito. Hindi nga ba at ipinahahanap na ng matanda ang mag-ina nito noon? Something was telling her na may mali sa paghahanap ng ginawa ng mga imbestigador kaya hindi natagpuan ang mag-ina. She had to do it herself.

But first, kailangan muna niyang i-settle ang mga dapat ayusin sa mga iniwang negosyo ng kliyente bago tumungo sa Sierra Madre. She would have to talk to the Board of Directors, settle things out as to who would take over in the meantime.

Iniisip pa lamang ni Alyana ang mga gagawin ay napapapagod na siya. Pero kailangan niya iyong gawin… para kay Don Alberto.